# PBBM, VP Sara best-performing gov't officials — survey

See page 2

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 8 | 10.00 | NOV. 21 - NOV. 27, 2022

**MANILASTANDARD –** President Ferdinand Marcos Jr. and Vice President Sara Duterte emerged as the best performing government officials with a 70 percent and 68 percent approval rating, respectively, a recent survey conducted by the RP-Mission and Development Foundation Inc. (RPMD) showed.

Senate President Juan Miguel Zubiri achieved a 64 percent approval rating while House Speaker Ferdinand Martin Romualdez acquired a 55 percent approval rating.

Rounding up the top 5 government officials is Supreme Court Chief Justice Alexander Gesmundo with a 52 percent approval rating.

Among the mayors in the National Capital Region, Quezon City Mayor Joy Belmonte ranked first with an approval rating of 90 percent, followed by Caloocan Mayor Along Malapitan with 78 percent and Malabon Mayor Jeannie Sandoval with 74

# Imus City Mayor AA unveils Five-Point Agenda

**by BANTAYBALITA –** Imus City Mayor Alex Lacson Advincula, popularly known as "AA" has disclosed his government's Five-Point Agenda which outlines his commitment to making progress in the city and making it one of Cavite's finest cities.

The Five-Point Agenda aims to introduce more programs and projects to further improve the city's economic future and the lives of every Imuseno while simultaneously reimagining outdated ways of doing business.

It is also the Mayor AA's vision for the city's economic recovery and the future of the city's economy — all built on equity and inclusivity.

In his first 100 days as the city's chief executive officer, Mayor AA said that the city is now on the threshold of an economic resurrection and with the implementation of the Five-Point Agenda, this will surely help open new opportunities to reinvigorate the city's economy in the short and long terms.




***Handa kaming laging tulungan sa inyo. I have only one desire for our city -- to improve Imus for everyone's good future.***

On his first day in office Advincula issued Executive Order No. 1 which orders all city government officials and employees to be transparent in all official transactions.

He said: "Ang Executive Order No. 1 ay magpapalakas ng mga patakaran at pananagutan ng mga opisyales ng ating lunsod. Isa sa mga unang hakbang para sa mas maginhawang Lungsod ng Imus."

He said that it is important that the people of Imus trust them and by issuing EO No.1, he hopes to continue and promote clean and honest management.

"Lagi kong ipinaalaala sa lahat ng mga nasa city government, ang taumbayang Imuseno ang aming boss, at dapat lagi kaming maglilingkod nang maayos, nang matapat dahil sila -- ang mamamayang Imuseno, ang tax nila ang nagpapasahod sa amin," said Mayor Advincula.

Mayor Advincula said that there is no doubt Imus City's best days lie ahead, if only all will unite and help to achieve the short and long term goals of his Five-Point agenda.

"Nasa ating pagkakaisang lahat ang tagumpay natin, at lagi kong sinasabi, ang trabaho natin ay ang maglingkod, ang mamamayang Imuseno ang ating boss," Mayor Advincula said .

He added that his office and the City Council (Sangguniang Panlungsod presiding officer Vice Mayor Homer 'Saki' Saquilayan are committed to working together to fulfill their mission to provide opportunity to every Imuseno.




***Collage of the major accomplishments of the AA administration on the first 100 days in office.***

The plan to accelerate the city's recovery and build a more resilient economy rests on five key pillars:

**1. Health. Education & Public Service.**

a. Establish Super Health Centers ang Birthing Homes.

b.Provide free maintenance medicines for Senior Citizens.

c.Establish the City of Imus College (Enrollment to Employment Plan).

d. Grant scholarships to qualified students and educational assistance to other deserving students.

e. Provide medical and financial assistance through Unified Beneficiary Database (online processing and disbursement of assistance).

f. Provide free funeral services.

g. Establish "Alisto Imuseno.

**2.Good Governance**

a. Maintain zero ghost employees.

b. Provide business tax incentives to promote business confidence and to encourage potential investors.

c. Establish a proper queueing system in the government offices.

**3. Housing and Livelihood**

a. Relocate and provide housing to informal settlers.


b.Establish apprenticeship training for Senior High School students.

c.Partner with private and local sectors to provide livelihood and skills training program.

**4. Infrastructure**

a. Coordinate with the privates sector for a better mobile network signal and

*See page 8*



# Bayanihan Relief para sa Naic

**ni GENE T. TAN –** Namahagi ng food packs at iba pang ayuda nitong nakaraang Linggo, Nob. 20 sa mga residenteng nakatira sa tabing-ilog at dagat si Naic Mayor Raffy Dualan, kasama sina Sen. Bong Revilla at si Agimat partylist Rep. Bryan Revilla.

Ginawa ang aktibidad sa town plaza, katuwang ang lokal na opisina ng Municipal Social Welfare and Social Development Office (MSDWO) at iba pang opisyal ng lokal na pamahalaan upang kahit paano ay makagaan sa pinsalang idinulot sa mga apektatong residente ng bagyong 'Paeng."

Personal ding inaksiyunan ni Mayor Dualan ang ilang problemang inilapit ng mga kababayan, gayundin, kumilos ang mag-amang Revilla na tugunan ang mga kahilingang tulong ng mga apektadong mamamayan ng Naic.

Labis na nagpasalamat ang mga residente sa pagkain at iba pang tulong na ipinamahagi nina Mayor Raffy, Sen. Bong at Rep. Bryan -- na nagsabing tungkulin nila ang magserbisyo nang matapat sa mamamayan.



*Maraming salamat po sa Bayanihang tulong sa Naicqueno.*




*Laging handang tumulong: Mula sa kaliwa-- Sen. Bong Revilla, Naic Mayor Raffy Dualan, at Agimat partylist Rep. Bryan Revilla.*




*Mga paketeng naglalaman ng tulong mula sa Department of Social Welfare and Development (DSWD).*

# BUILD, BUILD MORE: 32KM CAVITE-BATAAN BRIDGE MAITATAYO NA

## *Proyekto ni PRRD, itinutuloy ni PBBM*

**ni ADELA R. ZAMORA –** Kung maitatayo ang mahigit sa 32 kilometrong tulay sa ibabaw ng Manila Bay, magiging madali nang mangapitbahay nang balikan ang mga magkakamag-anak na taga-Cavite at taga-Bataan.

Kung may negosyo ka sa Cavite o sa Bataan o sa iba pang lalawigan sa Central Luzon o sa Southern Tagalog region, magandang balita ito.

Inokeyan na ng National Economic Development Authority (NEDA), ayon sa iba-ibang sources, na maitayo ang Bataan-Cavite Interlink Bridge na gagastusan ng P187-bilyon na ang magsisimula sa Barangay Timalan sa Naic, Cavite patawid ng dagat hanggang Mariveles, Bataan.

Isa ito sa infra project ng "Build, Build, Build" program ni dating Presidente Rodrigo Roa Duterte at salamat, itutuloy sa programang Build, Build More"ni Presidente Bongbong Marcos.

Ang tulay ay may lapad na lane, may iba-ibang sukat mula sa 400-600- 900 metro, may toll plaza na may karugtong na tuloy papunta at pabalik sa Cavite Coastal Road.

Sinabi ni Department of Public Works and Highways Secretary Manuel Bonoan makakaya nang mabuo ang disenyo ng tulay sa Abril 2023 na lalagyan ng via ducts at iba pang disenyo upang matiyak ang matibay na pagkakatayo batay sa galaw, lalim at yanig ng tubig sa Manila Bay, at epekto ng lakas ng hangin at epekto ng lakas ng ulan at bagyo.



Nasa 55 percent na ang natapos na marine geophysical surveys at geotechnical investigation ng mga kondisyon sa ibabaw at ilalim ng tubig ng Manila Bay, ayon kay Public Works Senior Undersecretary Emil Sadain.

Minamadali na ito, ayon sa DPWH-- na itinuturing na isa sa prioridad na proyektong impraestruktura ng administrasyong Marcos.

Bukod sa maluluwag ng tulay na ito ang trapiko sa Metro Manila, magiging mabilis ang transakiyon, biyahe, galaw ng tao, negosyo at oportunidad sa trabaho ng mga residenteng mula sa Cavite, Bataan at sa iba pang probinsiya sa Central at Southern Luzon.

Magiging magneto na aakit sa lokal at dayuhang negosyante na nais magtayo ng mga industriya, negosyo, komersiyo at iba pang uri ng kabuhayan kapag nagawang makumpleto ang tulay na ito bago ang 2026, ayon sa DPWH.

Isipin na ang biyahe na dati ay 4-5 oras balikang Cavite-Bataan ay mapaiikli ng isang oras hanggang mas maikling 30 minuto lamang.

Pangangasiwaan ng DPWH Unified Project Management Office-Roads Management Cluster II (Multilateral) ang proyekto na popondohan ng Asian Development Bank (ADB), at na ang detailed engineering design (DED) ay nai-award sa joint venture ng TY Lin International ngs Pyunghwa Engineering Consultants ng South Korea, kasama ang Renardet ng Switzerland at ang Philippines' DCCD Engineering Corp.

# PBBM, VP Sara... *from page 1*

percent.

Rounding up the top 5 were Pasig Mayor Vico Sotto with 72 percent and Navotas Mayor John Rey Tiangco with 70 percent.

RPMD executive director Paul Martinez said mayors outside of NCR must collaborate and replicate the best practices of the best performing local officials in Metro Manila.

Among the Cabinet members, the five top-performing officials are as follows: Interior Secretary Benjamin "Benhur" Abalos Jr. with 75 percent, Social Welfare Secretary Erwin Tulfo with 73 percent, Tourism Secretary Christina Garcia-Frasco with 71 percent, Transportation Secretary Jaime Bautista with 69 percent, and Solicitor General Menardo Guevarra with 67 percent.

The RPMD survey was conducted from November 3 to 10 with face-to-face interviews with Metro Manila residents.

# Sana mabigyang pansin... Gov. JonVic, DSWD Sec. Erwin



REVANZE

by Domz B. CAOILE

TWO of our media colleagues are in dire need of medical help.

Veteran newsman, Bro. Eduardo 'Bapa Edo' Lara Cuvinar, editor-in-chief of local community paper, Asian Star Express Balita: halos paralisado na ang kanyang katawan, matapos na ma-brain stroke kamakailan.

Dating reporter ng Manila Times years ago at kolumnista ng ilang daily tabloids, Bro. Ed ay nasa pagkukupkop ng pamilya ng ating Sister Nezel Mutas, editor, at Bro. Boy Pones, publisher of the weekly community paper, Action Balita.



Bro. Ed Lara Cuvinar

Maraming-maraming salamat po sa inyo, Sis Nezel, Bro. Boy sa inyong malasakit, pagkalinga kay Bro. Ed upang mabilis siyang maka-recover.

Napakaraming natulungan ang ating kapatid na si Ed Lara Cuvinar, at ayaw man niyang ipasabi, we are appealing to them -- pakitulungan mo na mabilis maka-recover ang ating magaling na kapatid sa pamamahayag.

@@@

Eto pa ang isang kapatid natin na may karamdaman, at sa kanyang pahintulot, aming ilalathala ang mga himutok at pagtitiis na dinaranas ni Sister Maritess 'Tess' Leonillo, dating staff ng dalawang community paper -- na sa pakiusap



Sister Maritess 'Tess' Leonillo

niya, ,"Wag mo nang banggitin kung saan jaryo ako.".

Narito ang post niya na aming sisipin, verbatim, na may konting editing lang.tayong ginawa....

"Pasensiya ka, kailangan mong magtiis nasa government hospital ka eh"...

Ito ang maririnig mo sa mga doctor at nurses kung ikaw ay dumaraing sa iyong karamdaman..

.ko po ay si Marites Leonillo, kolumnista ng isang lokal newspaper dito sa Cavite. Dito ako naka confine sa Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital (sa Trece Martires City)...public hospital sa Cavite .

Ang kaso ko ay blood transfusion at ooperahan sa sakit kong myoma at ngayon ay nakikita ko, ramdam na ramdam ko ang nakakaawang kalagayan namin dito.

Nakakaawa ang mga bagong panganak na baby sa sobrang init..kaliwa't kanan ang iyakan...hindi sapat ang electric fan lalo na sa gabi... sarado ang mga bintana...2 nanay at 2 baby sa isang hospital bed..

@Jovic Remulla, Gov. Sana po mabigyan niyo po ito ng pansin..@DSWD Secretay Erwin Tulfo, Sec. kaya po kayo inilagay ng Panginoon sa gobyerno para po marinig ng nasa gobyerno ang hinaing naming mahihiirap...

'Yung mga nurse dito 2 beses mo lang makikita sa isang araw...mas nakikita pa namin ang mga interns na puro vital signs lang ang kinukuha.

Nakailang beses na akong nagsabi na hihingi ako ng gamot sa sakit ng ulo...epekto raw 'yon ng dugo na sinalin sa akin...hanggang ngayon hindi pa rin ako nabigyan ng gamot.

Bago ako salinan ng dugo, may injection sa akin na pampatulog...hindi rin ako makapagpahinga dahil sa iyakan ng mga baby...

Bawal magdala ng electric fan sa loob, kaya kong anong meron pagtiisan na lang talaga.

Nakakalungkot pala pag ikaw ay

*Sundan sa p.7*

# My wishful thinking



THE PUBLISHER

by Henry E. CAOILE

PWEDE kaya, kung magbigay ng P250K o P500K sa bawat mahihirap at di gaanong nakaluluwag na pamilyang Pilipino na kukuhanin sa P5.268 Trilyong national budget?

Wishful thinking lang ito, kasi sa kuwentuhan namin sa editorial office, hindi maiwasang daanin sa biro na ang P5.268-Tri ay sobrang laki na tulad ng karaniwang paniniwala, baka higit pa sa 20 porsiyento ay mapunta lang sa mga "buwaya" sa gobyerno.

Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), ngayong taon, mayroon tayo na kulang o higit sa 109 milyong populasyon at makakaya na siguro, ayon sa aming kahuntahan na magbigay ng ayudang P250K o P500K sa bawat kapos o kinakapos na pamilyang Pilipino.

Ewan ko kung paano ito kukuwentahin, halimbawa, sa 10 milyong pamilya na may apat na miyembro, aba, malaking tulong ang P250K kada taon na ayuda sa kanila -- na siyempre kasali kami, hehehe.

Kaysa mai-shoot sa bulsa ng mga kurakot, magbigay na lang ng ayuda at tiyak, malaking angat ito sa kabuhayan at buhay ng pamilyang Pilipino.

Sabi ng kausap ko, sana mangyari ang aming kabaliwang pangarap, kasi wala na sigurong maidaraing pa ang Pinoy, lalo na kung mahusay ang implementasyon ng Universal Health Care, free public education, at iba pang public services.

At bawat taon, kung mangyayari ang aming wishful thinking, bawat pamilya ay magbibigay ng accounting sa mga ginastos sa audang pera, at ang makikitang hindi maayos na paggastos, puwera na, hindi na bibigyan ng ayuda, at may parusa pa.

Kung may ganyang kalaking salapit iikot sa bansa, kasunod ang pagbibigay ng trabaho at paglakas ng negosyo, aba, wala nang mag-iingay sa kalye, at kung mayroon man, yan yung ang hanapbuhay ay mag-rally at laging kontrahin ang kahit sino ang maupo sa pamahalaan.

Saka, bawasan na rin daw ang PDAP o pork barrel ng mga senador (P200-M) at sa mga kongresista (P100-M) kada taon at ilagay sa iba pang public services ng mamamayang Pilipino.

Dati naman, e walang ganyang pork barrel noong panahon ni "diktador" Marcos, sabi ng lolo ko.

Ano, dear readers, please send in your comments sa domzcaoile@yahoo.com\

@@@

IBA na talaga ang takbo ng mundo: sa Lapu-Lapu City, dalawang magkapatid na babae ay kinasuhan ng cyberlibel na inaresto kamakailan ng Philippine National Police-Anti Cybercrime Group (PNP-ACG).

What is shocking, ang nagsampa ng demanda laban sa mga suspek na sinas Lyka Amoro Sumalinog, 27, at Gabrielle Amoro Sumalinog, 24, ay ang mismong nanay nila.

:Pwede ba iyon na magkakamag-anak, mag-iina pa ang magkakasuhan?

Inaresto ang magkapatid sa bisa ng warrant of arrest na inisyu ni Judge Nelson Leyco, Regional Trial Court 7th Judicial Region, Branch 27, Lapu-Lapu City.

Para makalaya pansamantala, kailangang magpiyansa ng P48,000 ang bawat isa sa magkapatid.

Nag-post ng libelous statements at naglagay ng mapanirang komento sa larawan na pawang paninira sa ina nila sina Lyka at Gabrielle.

Anak ni-rape ang lola; tatay ni-rape ang anak na babae; kaliwaan kabi-kabila; kurakutan sa lahat ng level ng pamahalaan; droga, krimen kabi-kabila at iba pang kahalayan, ay saan na tayo patungo?

Malapit na nga ang katapusan ng mundo na inihula sa Biblia.

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

*Publisher:* HENRY E. CAOILE
*Editorial Consultant:* ELI TAPARAN II
*Executive Editor:* DOMZ B. CAOILE
*Special Projects Director:* ADELA R. ZAMORA
*Circulation Manager:* LIZA FE BONETE
*Contributing Writers:* NOLI LIWANAG
LUKAS DA SILVA
GENE T. TAN
ED 'MUTO' G. CUENCA
*Art & Production Manager:* ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anumang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

AWS

ALFFEJEN WATER SERVICES

ALFFEJEN Water Purifier Installation Services is a registered service that install a quality Commercial, Industrial and Residential Water Treatment System, whether it is a Deepwell or Water District Source. We install Reverse Osmosis System, Water Filtration System, Alkaline Drinking System and Water Refilling System Nationwide.

Through AWS skilled team, quality products, excellent service and great - after sales,we can firmly assure that our clients receive a pure,safe and clean water.

For further information,kindly message us on our FB page: ALFFEJEN WATER SERVICES, or you may contact also at these numbers:09279182878 /09668963151

# Vice Mayor Saki vows to support the Five-Point Agenda of the Imus City Government

**by DOMZ CAOILE –** Popular Imus City Vice Mayor Homer T. Saquilayan who is better known for his monicker 'Saki' has vowed to serve Imuseños with compassion and fulfill their promises.

Vice Mayor Saki told this paper that he and his colleagues in City Council (Sangguniang Panlunsod) will give their full cooperation and support to the Five-Point Agenda of City Mayor Alex 'AA' Advincula.

During the first session of the Sanggunian, VM Saquilayan called on all city councilors to help the new city administration in its programs to rebuild, renew and reinvent the city and its economy.

It cannot be denied that the ill effects of the Covid-19 pandemic has battered the people of the city for over these last two years.

VM Saki added that the city's recovery rests on the five key pillars of the new administration.

He thanked team mate Mayor Advincula for trusting him to hold the position of vice mayor and said that he will wholeheartedly fulfill this duty to every resident of Imus with fear of God and is in accordance with the law.

VM Saki said the goals of the new administration will surely restart the city's economic engines by supporting small businesses, entrepreneurship and a more equitable economy.

VM Saki said that the Sanggunian under his leadership will work hard with Mayor AA in providing good and honest government and in promoting the best programs for the people of Imus.

By providing good local laws, VM Saki asssured that the Sanggunian will further strengthen the education, infrastructure, health care programs, business and livelihood opportunity and other public services to other sectors in the city.

He thanked the people of Imus for the trust and support to their AA/AJ team during the last May elections.

VM Saki promised that with the help of all city officials and employees the Advincula-Saquilayan tandem will strive to further strengthen their capacity to deliver quality services to every Imuseno.

The Five-Point Agenda set forth a hopeful path to support the resiliency and ingenuity in every Imuseno, VM Saki added.

VM Saki said that from day one in office,"we roll up our sleeves and work together, we will rebuild, we will renew and will speed up the economic recovery of our beloved city."

He applauded Mayor Advincula and all the city government officials and personnel for the formulation of the Five-Point Agenda that is centered on good public governance, public service mobility as well as the public and private partnership.

He added that the unity, collaboration, cooperation of the executive and legislative branch of the city government and with the help of their partners in the private sector, in the provincial government and in the communities across the city, "we will be able to execute our vision and mission."

VM Saki said the AA/AJ team owed a great deal to the people of Imus City and that their team will make sure that all Imuseno can share in the growth and prosperity of the city in the coming years.

This coming holidays, VM Saki said he wish a better, brighter and fairer future for all Imuseno.

## HON. HOMER "SAKI" T. SAQUILAYAN



Homer Topacio Saquilayan, also known as "Saki", exemplifies a competent leader. He is the oldest of Lorenza Manalaysay Topacio and Ruben Rusit Saquilayan's seven children. He attended the Lyceum of Baguio and the Far Eastern University before earning a degree in Civil Engineering from Manuel L. Quezon University.

Before entering politics, Saquilayan worked at the Cavite Provincial Engineer's Office, Abuljadayel Engineering in Saudi Arabia, and became the Municipal Engineer at the Building Official of Imus.

Saquilayan first ran as Vice Mayor of Imus in 1998; held the position of Mayor of Imus in 2001, 2004, and 2010; and served as the Cavite Provincial Senior Board Member in 2016. He was chosen as the City's Vice Mayor in the 2022 election, working alongside City Mayor Alex "AA" L. Advincula to serve the Imuseños.

Homer Saquilayan currently serves as the Vice Mayor of Imus City Cavite, Ad-hoc Committee on Good Governance, Public Ethics, and Accountability; and Ad-hoc Committee on Personnel Affairs and Appointments.

## HON. ADRIAN JAY "AJ" C. ADVINCULA

CONGRESSMAN 3RD DISTRICT OF CAVITE

Adrian Jay Caguicla Advincula, also referred to as "AJ," was born on October 20, 1993 to Nerissa Caguicla and Alex Advincula.

He finished his Bachelor of Science in Business Administration major in Export Management degree at the De La Salle-College of Saint Benilde.

He is a former Imus City Councilor from 2019 to 2022. While serving as Chairman of the Committee on Health and Sanitation in the Fourth Sangguniang Panlungsod, he authored City Ordinance No. 04-136 or "An Ordinance Establishing and Organizing the City of Imus Dialysis Center."

As the current Representative of the Third District of Cavite in the 19th Congress, he was appointed as Assistant Majority Leader. He is also the Vice Chairperson of the Committee on Local Government and a member of committees such as the Committee on Appropriations, Committee on Public Works and Highways, Committee on Health, Committee on Housing and Urban Development, and Committee on Higher and Technical Education.



# MEMBERS OF THE 5th SANGGUNIANG PANLUNGSOD

## CITY OF IMUS



**HON. LLOYD EMMAN D. JARO**
Committee on Finance, Budget, and Appropriations



**HON. LLOREN DIONELA G. SAQUILAYAN**
Committee on Social Services, Family, Women, Children, and Elderly



**HON. LARRY BOY S. NATO**
Committee on Ways and Means, Games and Amusement; and Committee on Markets, Slaughterhouses, and Franchises



**HON. JOGIE LYN L. MALIKSI**
Committee on Cooperatives and Culture, Tourism, Peoples, and Non-governmental Organizations' Accreditation



**HON. DENNIS T. LACSON**
Committee on Transportation and Communications; and Committee on Information and Communication Technology



**HON. DARWIN MARTI M. REMULLA**
Committee on Land Utilization, Zoning, and Housing; and Committee on Human Settlement



**HON. MARK ANTHONY P. VILLANUEVA**
Committee on Trade, Commerce, and Industry; and Committee on Labor, Employment, and Industrial Peace



**HON. EXEQUIEL B. ROPETA**
Committee on Agriculture and Livelihood and Agrarian Reforms



**HON. SHERWIN L. COMIA**
Committee on Public Works and Infrastructures, Special Projects



**HON. PETER EMMANUEL C. LARA**
Committee on Ordinances, Rules, Privileges, and Legal Matters



**HON. ENZO GASTON A. FERRER**
Committee on Health, Nutrition, Population, and Sanitation; and Committee on Environment Protection and Ecology



**HON. GREGORIO MIGUEL B. OCAMPO JR.**
Committee on Education



**HON. DAVID G. SAPITAN, JR.**
**ABC PRESIDENT**
Ad-hoc Committee on Good Governance, Public Ethics, and Accountability; and Ad-hoc Committee on Personnel Affairs and Appointments



**HON. JOSHUA SHERLHANBERT Y. GUINTO**
**SK FEDERATION PRESIDENT**
Committee on Sports and Youth Development

## Members of the Sangguniang Panlalawigan 3rd District of Cavite (Imus City)



**HON. ARNEL "ONY" M. CANTIMBUHAN**



**HON. SHERNAN S. JARO**



**SP Secretay JEM YULO-GUINTO**

## Buhay Forest



Mahilig kang mag-camping, umakyat sa matatarik na lugar na makalalanghap ka ng sariwa at malamig na hangin?

Gusto mo nang tanawing mapapahanga ka sa magubat at maberdeng kakahuyan at makaririnig ng paswit, huni ng mga ibon, kuliglig at iba pang mailap na hayop?

Nais mong tumakas na mainit na init at ingay ng kagubatan ng lungsod, may magandang pasyalan na magbibigay ng sigla sa napapagod na isip at katawan.

Ito, ayon kay Magallanes Mayor Jasmin Maligaya-Bautista, ay ang mala-paraisong Buhay Forest sa kanyang bayan na isa sa pinakasikat na pook pasyalan ng mga lokal at dayuhang turista.

Tara, magliwaliw, pasyal na sa Magallanes!

# LWUA, di pwedeng makialam sa Prime Water

**BANTAYBALITA –** Sa mahigit na 500 water district sa bansa, 100 nito ang nakuha na ng Prime Water Infrastructure Corporation, ayon kay Jeci Lapus, administrator ng Local Water Utilities Administration (LWUA,

Itong Prime Water Infrastructure Corporation ay isa sa maraming kompanya ng pamilya ng bilyonaryong pamilya nina dating Senate President Manny Villar, maybahay na si Sen. Cynthia Villar at mga anak nila.

Sa interbyu kay Lapus noong 2021, sinabi niya na dumarami pa ang Local Water District (LWD) na nasa kamay na ng Prime Water: "It is 100 and counting."

Itong LWUA ay isang korporasyong pag-aari ng gobyerno na ang trabaho, ayon sa batas ay itaguyod at pangasiwaan ang pagbubuo ng sistema ng suplay ng tubig sa mga lalawigan, siyudad at munisipalidad sa labas ng Metropolitan Manila.

Trabaho rin ng LWUA ay tulungan ang mga Local Water Districts(LWDs) na mapanatili itong matatag, hindi lamang sa pananalapi, pati na rin sa kakayahang mapaunlad sa mga kaalaman kung paano pahhuhusayin ang serbisyo sa pagbibigay ng malinis, maiinom na tubig sa mga lugar na sineserbisyuhan nito.

Pangangasiwaan din ng LWUA ang LWDs kung nais nitong makipagpartner sa iba pang ahensiya ng gobyerno upang ito ay mas maging matatag at epektibong samahang pambayan.

Pero kung nais ng isang LWD na makipagpartner sa isang pribadong kompanya tulad ng Prime Water, walang magagawa ang LWUA, sabi ni Lapus, ito ay dahil ang kapangyarihang ito ay nasa kamay ng National Economic and Development Authority (NEDA).

Paliwanag ni Lapus, ang NEDA lamang ang maaaring magsabi kung makabubuti o makasasama ang joint venture (JV) ng isang LWD at ng isang pribadong kompanya.

Tagamasid o amuyong sa salitang kanto ang LWUA, sabi ni Lapus dahil ang papel lang nila ay maging "observer" sa mapagkakasunduan ng LWD at nais nitong maging kapartner.

"We are just a mere regulator," sabi ni Lapus -- ito ay dahil sa sinabi ng OGCC [Office of the Government Corporate Counsel] na ang LWUA ay walang karapatang suriin at makialam sa anomang tuntunin sa mga partnership o usapan ng LWD at ng kompanyang pribado.

May mga alegasyon ng korapsiyon, mga kontratang agrabyado ang mga consumer ng tubig laban sa partnership ng LWD at ng Prime Water, bukod sa mataas na water rate, putol-putol na serbisyo, at di-mainom na tubig.

Sa Cavite, maraming subdibisyon na may prangkisa ang Prime Water ay nagrereklamo ng mataas na water rates at maraming supply ng tubig, gayundin ang mga LWD na kapartner ng kompanyang ito ng pamilya Villar.

Isa rito ang partnership ng Prime Water at ng Dasmarinas City Water District na madalas inirereklamo sa mataas na singil sa kunsumo at putol-putol na suplay ng tubig.

# Imbentaryo ng lupang pag-aari ng pamahalaan, iniutos ni DAR Sec. Estrella

**ni NOLI C. LIWANAG –** Bilang pagsunod sa Executive Order No. 75 ng 2019, iniutos ni Agrarian Reform Secretary Conrado Estrella III ang pag-imbentaryo ng lahat ng nakatiwangwang na lupang pag-aari ng gobyerno.

Batay sa EO 75, inuutusan ang lahat ng ahensya ng gobyerno na tukuyin ang lahat ng nakatiwangwang na gobyerno na angkop para sa agrikultura, gayundin ay pag-aralan kung maaaring ipamahagi ang mga iyon sa mga kwalipikadong benepisyaryo.



*Bilisan na ang pamamahagi ng lupa: DAR Sec. Conrado Estrella III*



*Kuwalipikadong benepisyaryo, agad tutukuyin: USec. Kazel Celeste*

Sa ngayon, kabuuang 52,000 ektarya ang natukoy ng Department of Agrarian Reform (DAR) para ipamahagi sa mga sektor na walang lupa.

Upang masigurado na ang nabanggit na sukat ng kupa ay sakop o hindi ng executive order, muling binuo ni Estrella ang DAR Validation Committee (DVC) at DVC Secretariat na binubuo ng Technical, Legal, Survey at Administrative Teams.

Inuutos din na lutasin ang problema ng matutukoy na lupang pwedeng ipamahagi sa mga kuwalipikasong magsasaka na walang sariling lupang binubungkal.

Pamumunuan ni Atty. Estrella si Atty. Kazel Celeste, Undersecretary for Field Operations, ang komite upang tiyakin ang maayos na pamamahagi ng mga lupaing pag-aari ng pamahalaan sa mga beterano ng digmaan o kanilang mga natitirang tagapagmana, mga retiradong pulis at sundalo at mga nagtapos ng kursong agrikultura.

Katuwang ni Celeste sa komite ang tatlong Undersecretaries na sina Atty. Napoleon Galit ng DAR-Legal Affairs Office, Atty. Luis Meinrado Pangulayan ng Policy, Planning and Research Office at Atty. Milagros Isabel Cristobal ng Support Services Office.

Ang tatlo ay gaganap bilang committee vice chairpersons.

Magbibigay ng tulong teknikal ang mga kasapi ng committee na sina Engr. Joey Sumatra, Assistant Secretary para sa Field Operations, Atty. Celestina Tam, Assistant Secretary para sa Legal Affairs, Lilibeth Lee, Bureau of land Tenure Improvement Director, at Atty. Robert Anthony Yu, Bureau of Agrarian Legal Assistance Director.

"Pabilisin na ang pamamahagi ng lupa," iniutos ni i Estrella sa komite ni Celeste kung matukoy na ang mga lupang maaaring ipamigay sa mga karapatdapat na benipisyaryo.

# P5.268 trillion 2023 national budget, ok na sa Senado

**ni LUKAS da SILVA –** Sa ikatlo at huling pagbasa, inokeyan ng Senado ang P5.268-trillion national budget para sa susunod na taon sa sesyon nitong Miyerkoles, Nob. 23.

Sinertipikahan 'urgent' ni Presidente Bongbong Marcos, matapos ang masusing pagsusuri at pagbusisi sa iniharap na House Bill No. 4488 (The 2023 General Appropriations Bill (GAB), inaprubahan ng Senado ang panukalang badyet sa ikalawa at ikatlo at huling pagbasa.

Walang negative at abstention votes sa giananap na sesyon na nagtala ng 22 affirmative votes sa pagpapatibay ng pondo ng pamahalaang Marcos.

Bago ang pinal na pagboto, nagkaroon ng amenda sa confidential and intelligence funds (CIFs).

Mula sa P9.2-bilyong nais na pondo ng CIFs, P172 milyon nito ay inilaany sa maintenance and other operating expenses (MOOEs).

Naglaan din ng badyet para sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program at sa Protective Services to Individuals in Crisis Situations.

May pondo ring inilaan para matulungan ang nasa industriya ng transportasyon bunga ng madalas na pagtataas ng presyo ng produktong petrolyo at ayudang para sa magsasaka at mangingisda.

Naglagay din ng pondo para sa pandemyang Covid-19.

Itinaas sa P31 bilyon para sa calamity fund, at P1 bilyon pa para sa e Marawi Siege Victims Compensation Fund.

Ayon kay Senate President Migz Zubiri, agad na ipadadala sa Malakanyang ang inokeyang national budget para sa lagda ni PBBM.

# Mandanas-type school building pinasinayaan

ni JOLEX MASBANO – Mataas na kalidad ng edukasyon, mahusay na pasilidad ng paaralan.

Isa lang ito sa patuloy na prioridad ng pamahalaang panlalawigan ng Batangas, sinabi ni Gov. Hermilando I. Mandanas sa ginawang pagbasbas at inagurasyon ng bagong tayong gusaling paaralan sa Catandaan Yabut National High School, Catandaan, Nasugbu nitong Nob. 22.

Personal na dumalo at nakiisa ang gobernador na nagbigay ng mensahe sa mga guro at mag-aaral sa pagbubukas ng dalawang palapag, apat na klasrum na tinatawag na Mandanas type school building.

Pinasalamatan ni Gov. Mandanas ang pamunuan ng paaralan sa masigasig na pagsisikap na mapaganda ang mga pasilidad ng Catandaan Yabur National High School.

Kasamang sumaksi sa okasyon sina 1st District Board Member Armie Bausas at Nasugbu Mayor Antonio Jose Barcelon.



*Kasamama ang ilang opisyal ng paaralan at ng pamahalaang panlalawigan, nagpakuha ng larawan si Gov. Herminaldo I. Mandanas bago ang paggupit ng laso na hudyat ng pagbubukas ng Catantaan Yabut National High School sa Nasugbu, Batangas. /Batangas PIO*

Nagbilin si Mandanas na pamalagiing maayos at malinis ang gusaling paaralan, at iba pang pasilidad nito, kasunod ang bilin na laging handang tumulong ang pamahalaang panlalawigan sa lahat ng institusyon ng pagtuturo.

"Kaisa n'yo kami sa provincial government sa inyong adhikain na makapagbigay ng de-kalidad na edukasyon sa ating mga kabataan. Lagi kaming handang tumulong sa inyo," sabi ng gobernador.

Sa mga bataang estudyante, pinayuhan niya ang mga ito na pagbutihin ang pag-aaral at 'wag sayangin ang paghihirap at pagsisikap ng kanilang mga guro at magulang na mapag-aral sila, sa kabila ng kahirapan sa buhay.

## Sana mabigyang pansin...

from page 3

magpagamot sa isang public hospital.

Pero sa gitna ng kahirapang ito, nagtutulungan niyo ang mga pasyente, lalong-lalo na ang mga na CS (caesarian section) at mga naoperahan ang hirap kumilos, kasi walang bantay na makapasok..

Gov. Jonvic Remulla , parang awa niyo na po, sana mabigyan niyo ng pansin ang mahirap na kalagayan dito sa xxxx, maraming salamat po.

Sana po ay makarating ito sa mga kinauukulan, sa mga kasama ko sa press, tulungan niyo akong ma-"marites" ito.

Maibsan man lang ang kahirapan ng aming mga pakiramdam...

Kahit mapaayos niyo man lang ang electric fan at madagdagan...mura lang naman po yon Gov.

Naliligo po kami sa pawis at higit sa lahat, ang iyakan ng mga baby lalo na sa gabi pag sarado na ang mga bintana.

Sister Tisya, Bro. Ed... we are all praying na gumaling kayo agad sa inyong karamdaman.

Lagi kayong kasama sa aming mga panalangin: Ang Amang Diyos ang sa atin ay magpapagaling -- na tulad nyo, kailangan ko rin ang palaging medical check sa sakit ko sa puso at pananakit ng tiyan, na kailangan laging may iniinom na maintenance medicine.

Magtagal na rin akong nagpapa-schedule na maoperahan, pero wala talaga ... tulad ng sabi mo, magtiis, magtiis sa serbisyo ng ating government hospital.

Sa ating mga kapatid sa media na patuloy na nagbibigay ng higit pa sa makakayang tulong kina Tess at pareng Ed Cuvinar -- na hindi na natin babanggitin ang kanilang mga pangalan, maraming-maraming salamat po, pagpalain kayo ng ating Ama, mabuhay kayong lahat.

Para sa inyong comments, ito po ang aming email address: domzcaoile@yahoo.com

Stay safe po at ...Mabuhay tayong lahat

## Imus City Mayor AA...

from p.8

issues and programs to provide small businesses much-needed relief are now being prepared by the city givernment's economic team.

The city's tourism office has launch a marketing campaign to show that the historic Imus City is open, vibrant, and ready to welcome local and foriegn visitors.

Double A said that a Tourism Circuit will be created to help take tourists to the various historical sites and structures in the City.

Conservartion of heritage sites. additional public spaces like parks, recreational facilities, improvement of the Imus Historical Museum and the opening of the new museum and many other plans and intiatives for the city's tourism concerns.

The Sanggunian is now reviewing zoning and land use tools to foster innovation and support emerging industries, expand access to low-cost housing options.

Just recently,Mayor AA had signed a memorandum of agreement with TaskUs to expand training for Imusenos in the knowledge and skills in business process optimation, revolutionary technology in transformational digital scale.

The mayor said that in the coming months, the Five-Point Agenda as the city's blueprint for economic recovery will meet the challenges that lie ahead.

Mayor AA said that armed with the sincere love for the Imusenos, the Five-Point Agenda is a clear, common-sense, and creative path to revitalize the city's greatest asset -- "our people, ang mamamayang Imuseno , our public servants, ang pagtitiwala ng ating mga kababayan ay hindi natin bibiguin, this time is the better time to be an Imuseno."

Long term goal is the establishment of additional health centers and super health centers; aside from the educational assistance and scholarship program, the City College of Imus if established and completed would definitely help graduates to find jobs with its enrollment to employment plan.

Action Center called " Alisto Imuseno" will deliver will deliver better, faster financial assistance to the needy Imuseno.

All in all, Mayor AA said that all these challenges can be achieved if all Imusenos will unite.

"Mahalaga na maturuan natin sila sa kahalagahan ng ating makasaysayang Imus upang tayo ay magtagumpay at makamit ang minimithi nating kaunlaran para sa lahat ng Imuseno," Double A said.

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS

NOTICE is hereby given that the estate of the late **NELIA DELA CRUZ ONG,** who died intestate on September 4, 2021 in Caloocan City, left a parcel of land situated in the Municipality of Carmona, Cavite containing an area of Two Hundred (200) Square Meters, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jose R. Bawalan, under Doc. No. 174, Page No. 35, Book No. XXIV, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 7, 14 & 21, 2022**

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE LEON ROBIN TEGIO

NOTICE is hereby given that the estate of the late **LEON ROBIN TEGIO,** who died intestate, without Will or Testament, and without any outstanding debts in favor of any person to entity, left a motor vehicle, Make: KAWASAKI, Body Type: MC, Serial/Engine No. BC175AE21387, Plate No. 6050LJ, Chassis No. BC175H-B48628, C.R. No. 1592868842, O.R. No. 78736943, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 152, Page No. 32, Book No. XXI, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 14, 21 & 28, 2022**

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE YVES CARLO VIRATA LUZON

NOTICE is hereby given that the estate of the late **YVES CARLO VIRATA LUZON,** who died on August 17, 2022 at Asia Medic Family Hospital and Medical Center, Dasmariñas City, Cavite, left a motor vehicle, Make: TOYOTA, Year Model: 2017, Series: AVANZA 1.3E AT, C.R. No. 272584933, Motor No. 1NRF239822, Chassis No. MHKM5EF2FHK007488, Plate No. NAG 3696, MV File No. 1301-00000866296, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 157, Page No. 33, Book No. XXI, Series of 2022.
NOVEMBER 14, 21 & 28, 2022

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 14, 21 & 28, 2022**

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE TESSIE L. RODRIGUEZ WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **TESSIE L. RODRIGUEZ,** who died on February 26, 2021 at 2389 Cabrillo Dr, Hayward, CA 94545 USA, left a certain house and lot situated in Brgy. of Burol, City of Dasmariñas, Prov. of Cavite, covered by Transfer Certificate of Title No. 057-2014079964 containing an area of One Hundred Seventy-One (171) square meters, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 83, Page No. 18, Book No. XX, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 14, 21 & 28, 2022**

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE TOMAS C. SERVADO JR.

NOTICE is hereby given that the estate of the late **TOMAS C. SERVADO JR.,** who died on March 11, 2017 at De La Salle University Medical Center, Dasmariñas, Cavite died intestate, without Will or Testament, and without any outstanding debts in favor of any person or entity, left a parcel of land with improvements covered by Transfer Certificate of Title No. T-1095759 located at Ivory Crest Village, Salitran 2, Dasmariñas, Cavite measuring Thirty Five (35) Square Meters more or less, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 431, Page No. 88, Book No. XXI, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 21, 28 & DECEMBER 5, 2022**





# BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 8 10.00 NOV. 21 - NOV. 27, 2022


# Imus City Mayor AA...

*from p.1*

for a more reliable water supply services.

b.Establish additional road networks to improve mobility of people, goods and services.

c. Install road safety devices, signages, and additiona; street lights.

d. Establish a better transport system for commuters (i.e, higher capacity PUVs).

e. Implement road clearing activities and other related projects to support a more efficient traffci management system.

5. Environment

a. Create Eco-tourism projects and activities in the City.

b. Drive for implementation of proper waste segregation.

c. Deployment of street sweepers and eco-aides in strategic areas.

Mayor Advincula always stressed in his many meetings had reiterated with the city government officials and personnel that tackling these challenges will require a comprehensive, collaborative effort bringing together the barangay officals, the business community, the private sectors, the neighborhood and home owners advocates, educators, and all residents of the city.

"Pagtutulungan, pagkakaisa at katapatan sa pagseserbisyo sa ating mamamayan, 'yan ay ang mabibigat na tungkuling ating babalikatin sa mga susunod na buwan, at mga taon," the mayor always exhorted to all co-workers in the city government.

Mayor AA said this administration will invest in community priorities, and the redevelopment of the urban agriculture sector as part of his program for food sufficiency.

In coordination and collaboration with the City's Sanggunian, the city government will invest in the professionalism and skills of Imuseno's workforce, and stimulate economic growth by engaging some of the the city's leaders in business, entrepreneurs, and other who wants to invest in Imus.

For the livelihood of the city residents, Double A said his administration will continue the livelihood program, skills training; Micro, Small and Medium Enterprises, Trade Fairs; Business Development Seminars, Imus Credit Window Facility, and Gender and Development Forums

He said the city government government is ready to fund and support them.

"Basta makatutulong na magkaroon ng trabaho, job opportunities, we are ready to help our kababayan," said Mayor AA.

The establishment of public health and safety

*See page 7*



**One of the ongoing infra projects of the city government.**






***All-out anti-illegal drugs campaign launched.***




***Basta may kalamidad, anomang emergency, aksyon agad ang gobyernor AA-AJ at Team Imus.***




***At present, the Imus LGU through Mayor AA's has distributed educational assistance to 510 students and 730 students were granted full scholarship***



**Mayor Advincula inspects the Bucket truck that will be use in responding to any emergencies and in time of calamities.**




***The first public hospital in the city: Ospital ng Imus (ONI) in Brgy. Malagasang !-G was established on the lot donated by the Advincula family to the city government.***